I-download ang PDF na ito sa www.jw.org/tl

Mga Anak ni Jacob

GENESIS KABANATA 37

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

NANG MAGLAON, **NANAGINIP** SI JOSE.

NAGTATALI TAYO NG MGA TUNGKOS NG TRIGO SA GITNA NG PARANG, AT ANG AKING TUNGKOS AY TUMINDIG!

AT ANG INYONG MGA TUNGKOS AY PUMALIBOT AT **YUMUKOD** SA AKING TUNGKOS!

IBIG BANG SABIHIN, **MAGHAHARI KA SA AMIN?**

SINO KA BA SA TINGIN MO?

NANAGINIP ULI SI JOSE.

. . . AT ANG ARAW, ANG BUWAN, AT ANG 11 BITUIN AY **YUMUYUKOD SA AKIN.**

SUMOSOBRA KA NA!

LAHAT NA LANG NG PANAGINIP NIYA, SIYA ANG **BIDA!**

JOSE, IBIG MO BANG SABIHIN, KAMI NG IYONG INA AT MGA KAPATID MO AY YUYUKOD SA **IYO?**

BAKA MAY GUSTONG SABIHIN SA AMIN SI **JEHOVA** SA PANAGINIP NA ITO . . .

PAGKARAAN...

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

JOSE, INUTUSAN KO ANG MGA KUYA MO NA BANTAYAN ANG AKING MGA TUPA. **PUNTAHAN MO SILA** AT TINGNAN KUNG AYOS LANG SILA PATI ANG KAWAN.

OPO, ITAY.

TINGNAN N'YO! HETO NA ANG **MAPANAGINIPIN.**

PATAYIN NATIN SIYA AT IHAGIS SA BALON.

NAGSALITA SI **RUBEN,** ANG PANGANAY NA ANAK NI JACOB.

HINDI NATIN SIYA DAPAT PATAYIN.

IYAN NA ANG **KATAPUSAN** NI JOSENG MAPANAGINIPIN.

PERO ANO'NG SASABIHIN NATIN KAY **ITAY?**

SABIHIN NATING PINATAY SIYA NG ISANG **MABANGIS NA HAYOP.**

IHAGIS N'YO NA LANG SIYA SA BALON, PERO **HUWAG N'YO SIYANG SAKTAN.**

ILILIGTAS KO SIYA MAMAYA AT IUUWI.

HABANG WALA SI RUBEN, IPINAGBILI SI JOSE NG MGA KAPATID NIYA.

TINGNAN N'YO! MGA **MANGANGALAKAL** NA PAPUNTANG EHIPTO!

IPAGBILI NATIN SI JOSE PARA MAGING **ALIPIN,** AT PARA NA RIN SIYANG PATAY!

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

PAGBALIK NI RUBEN, NALAMAN NIYA ANG NANGYARI.

WALA NA ANG BATA!

ANO'NG **GINAWA** N'YO? ANO'NG SASABIHIN KO KAY **ITAY?**

HUWAG KANG MAG-ALALA, RUBEN. **GAGAWA** TAYO NG KUWENTO . . .

. . . AT NAKITA NAMIN ANG **DAMIT** NA ITO.

KAY JOSE NGA ANG DAMIT NA ITO! MALAMANG NA PINATAY SIYA NG ISANG **MABANGIS NA HAYOP!**

PATAY NA SI JOSE!

PERO **HINDI PATAY** SI JOSE . . .

SA SUSUNOD NA ISINALARAWANG KUWENTO, ALAMIN **KUNG ANO ANG NANGYARI** KAY JOSE SA EHIPTO.

ANO ANG MATUTUTUHAN NATIN MULA SA MGA ANAK NI JACOB?

BAKIT **SINABI** NI JOSE SA KANIYANG AMA ANG MASAMANG GINAWA NG MGA KUYA NIYA?
CLUE: LEVITICO 5:1.

BAKIT **GALÍT** KAY JOSE ANG MGA KUYA NIYA AT BAKIT SILA **NAGSINUNGALING** SA KANILANG AMA?
CLUE: SANTIAGO 3:14.

ANO ANG DAPAT NA MAGING REAKSIYON MO KAPAG ANG IYONG KAPATID O KAIBIGAN AY NAKATANGGAP NG ISANG BAGAY NA GUSTO **MO** RIN?
CLUE: ROMA 12:15; 1 PEDRO 1:22.

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania